

Mga Contact sa Press:

Ernie Knewitz
(732) 524-1090
media-relations@its.jnj.com

Jake Sargent
(202) 569-5086
JSargen3@ITS.JNJ.com

Mga Contact sa
Namumuhunan:

Christopher DeLorefice
(732) 524-2955

Lisa Romanko
(732) 524-2034

Walang Nakitang Asbestos sa 15 Bagong Pagsusuri mula sa lisang Bote ng Johnson's Baby Powder na Nasuri na ng FDA

Walang Nakitang Asbestos mula sa Mahigit 60 Bagong Pagsusuri sa Ipinabalik na Hanay na Isinagawa ng Dalawang Third-Party na Laboratoryo

NEW BRUNSWICK, NJ, (OKTUBRE 29, 2019) – Inanunsyo ng Johnson & Johnson Consumer Inc. (ang Kumpanya) ngayong araw na walang nakitang asbestos sa 15 bagong pagsusuri mula sa iisang bote ng Johnson's Baby Powder na nasuri na ng U.S. Food and Drug Administration (FDA). Kinumpirma din ng karagdagang 48 bagong pagsusuri ng mga sampol sa laboratoryo mula sa iisang hanay ng Johnson's Baby Powder na [boluntaryong ipinabalik ng Kumpanya](#) noong Oktubre 18 (Hanay #22318RB) na hindi naglalaman ng asbestos ang produkto. Ang mga pagsusuring ito ay isinagawa ng dalawang third-party na laboratoryo bilang bahagi ng kasalukuyang isinasagawang pagsusuri at imbestigasyon ng Kumpanya.

Inihayag ng Kumpanya na, “Kinukumpirma ng mahigpit na pagsusuri at ng pagsusuri ng third-party na walang asbestos sa Johnson's Baby Powder. Naninindigan kami sa pagiging ligtas ng aming produkto.”

Ipinapakita ng Mga Pagsusuri na Posibleng Nag-ugat ang Mga Positibong Resulta Dahil sa Kontaminasyon ng Laboratoryo

Kasunod ng boluntaryong pagpapabalik, nakipagkontrata ang Kumpanya sa dalawang third-party na laboratoryo para magsagawa ng maraming pagsusuri sa ipinabalik na produkto ng Johnson's Baby Powder sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang Transmission Electron Microscopy (TEM), Powder X-Ray Diffraction (XRD) at Polarized Light Microscopy (PLM).

Maliban sa paggamit ng kanilang mga standard preparation room, hindi sumunod sa kanilang karaniwang protocol ang isa sa mga laboratoryo sa pamamagitan ng paggamit ng isang auxiliary room. Sa auxiliary room na iyon, limang sampol ang inihanda, at tatlo sa mga ito ang inisyal na nagpositibo sa asbestos. Dahil sa natuklasang ito, nagsagawa ng imbestigasyon ang laboratoryo at napag-alamang kontaminado ng asbestos ang isang portable na air conditioner na ginamit habang inihahanda ang sampol. Walang nakitang asbestos sa alinman sa mga sampol nang ihanda ang mga ito sa standard room.

Binibigyang-diin sa resultang ito ang kahalagahan ng pag-iimbestiga ng anumang positibong resulta ng pagsusuri. Kahit na sinusunod ang mga masusing pag-iingat, maaari pa ring magkaroon ng kontaminasyon ng asbestos sa paghahati, pag-iimbak, paghahanda at pagsusuri ng

sampol, ayon sa American Society for Testing and Materials, isang International Standards Organization na tumutukoy sa kontaminasyon bilang alalahanin sa pagsusuri ng asbestos ([ASTM 6620-19, Standard Practice for Asbestos Detection Limit Based on Counts, at 5.3.1\(ii\)](#)).

Nag-post ng mga ulat ang Kumpanya tungkol sa pagsusuri nito na tinalakay sa itaas. Maa-access ang mga ito sa [FactsAboutTalc.com](#).

Sa Ilang Dekadang Pagsusuri sa Produkto, Walang Nakitang Asbestos sa Johnson's Baby Powder

Mayroong mahigpit na pamantayan sa pagsusuri ang Kumpanya para matiyak na ligtas ang kanilang cosmetic talc. Paulit-ulit na kinukumpirma ng libu-libong pagsusuri sa nakaraang 40 taon, kabilang ang sariling pagsusuri ng FDA noong nakalipas na buwan, na walang asbestos sa Johnson's Baby Powder. Nagmumula ang aming talc sa mga pinagkukunan ng ore na kumpirmadong nakakatugon sa aming mahihigpit na espesipikasyon na nakakahigit sa mga pamantayan ng industriya. Regular na nagsasagawa ng pagsusuri ang Kumpanya at ang mga supplier nito upang matiyak na walang asbestos ang aming talc. Nasuri at nakumpirma din ng iba't ibang hiwalay na laboratoryo, unibersidad at pandaigdigang awtoridad sa kalusugan na ang aming talc ay walang asbestos.

Sa loob ng 133 taon, nakatuon ang Johnson & Johnson Family of Companies na unahin ang mga pangangailangan at kapakanan ng mga taong pinagsisilbihan namin, at patuloy namin itong gagawin.

Gaya ng inanunsyo nitong nakaraan, dahil sa sobrang pag-iingat, ipinabalik ang Hanay #22318RB ng Johnson's Baby Powder noong Oktubre 18. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagpapabalik, makipag-ugnayan sa Consumer Care Center ng Johnson & Johnson sa www.johnsonsbaby.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa +1 (866) 565-2229.

PAALALA SA MGA NAMUMUHUNAN HINGGIL SA MGA PAHAYAG NA PATUNGKOL SA HINAHARAP:

Ang press release na ito ay naglalaman ng "mga pahayag na patungkol sa hinaharap" gaya ng tinukoy sa Private Securities Litigation Reform Act of 1995 hinggil sa mga resulta ng kasunod na pagsusuri kaugnay ng boluntaryong pagpapabalik sa isang hanay ng Johnson's Baby Powder. Binabalaan ang mambabasa na huwag magtiwala sa mga pahayag na ito na patungkol sa hinaharap. Ang mga pahayag na patungkol sa hinaharap na nasa press release na ito ay batay sa mga kasalukuyang inaasahan sa mga kaganapan sa hinaharap. Kung mapapatunayang hindi tumpak ang mga pinag-uugatang pagpapalagay o maganap ang mga alam o

hindi alam na panganib o kawalan ng katiyakan, maaaring malaki ang pagkakaiba ng mga aktuwal na resulta mula sa mga inaasahan at prediksiyon ng JJCI at/o ng Johnson & Johnson. Kasama sa mga panganib at kawalan ng katiyakan ang, ngunit hindi limitado sa: pagkamabisa ng produkto o mga alalahanin sa kaligtasan na magreresulta sa mga pagbawi ng produkto o pangkontrol na pagkilos; malawakang paglilitis o pagkilos ng pamahalaan batay sa hindi magandang pangyayari, kasama na ang nauugnay sa mga claim sa pananagutan ng produkto; kawalan ng katiyakan ng tagumpay sa komersyo para sa mga bago at kasalukuyang produkto; ang kakayahan ng kumpanya na matagumpay na magpatupad ng mga istrategikong plano; mga problema o pagkaantala sa pagmanupaktura, nang internal o sa loob ng supply chain; mga pagbabago sa mga naaangkop na batas at regulasyon; mga pagbabago sa mga pattern ng pag-uugali at paggastos ng mga tagabili ng mga produkto at serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan; at mas mahigpit na pagsisiyasat sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan ng mga ahensya ng pamahalaan. Ang mas detalyadong listahan at mga paglalarawan sa mga panganib na ito, kawalan ng katiyakan at iba pang salik ay maaaring makita sa Taunang Ulat ng Johnson & Johnson sa Form 10-K para sa taon ng pananalapi na natapos noong Disyembre 30, 2018, kasama na sa mga seksyong may caption na "Paalala para sa Pag-iingat Hinggil sa Mga Pahayag na Patungkol sa Hinaharap" at "Item 1A. Mga Salik ng Panganib," sa Quarterly na Ulat na pinakahuling naihan ng kumpanya sa Form 10-Q at sa mga kasunod na paghahain ng kumpanya sa Securities and Exchange Commission.

Makikita ang mga kopya ng mga paghahaing ito online sa www.sec.gov, www.jnj.com o kapag hiniling mula sa Johnson & Johnson. Ang anumang pahayag na patungkol sa hinaharap na ginawa sa release na ito ay nagpapahayag lang para sa petsa ng release na ito. Walang sinuman sa Johnson & Johnson Consumer Inc. o sa Johnson & Johnson ang kikilos upang i-update ang anumang pahayag na patungkol sa hinaharap bilang resulta ng bagong impormasyon o mga kaganapan o pag-unlad sa hinaharap. Tahasang itinatatwa ng Kumpanya ang lahat ng pananagutan pagdating sa mga pagkilos na ginawa o hindi ginawa batay sa alinman o lahat ng nilalaman ng press release na ito.